**International Journal of Research Studies in Education**
2023 Volume 12 Number 8, 47-55




ISSN: 2243-7703
Online ISSN: 2243-7711

OPEN ACCESS

# Mula sa mundong maraming kulay: Dalumat sa mga usaping *gender* ng mga piling kuwentong pambata sa lente ng teoryang Gender Schema ni Sandra Bem

Galdonez, Dominic Patric G. ✉
*Philippine Science High School-Ilocos Region Campus, Philippines (galdonezdg@irc.pshs.edu.ph)*
Gomez, Gabriel Laurence L.
Brito, Angelo Ian Y.
Calzado, Yorecel N.
Ladesma, Genesis Mai G.

**Received**: 29 August 2023 **Revised**: 8 September 2023 **Accepted**: 19 September 2023
**Available Online**: 19 September 2023 **DOI**: 10.5861/ijrse.2023.63

***Abstract***

At a young age, the development of gender concepts begins to form in children's minds, influenced by various internal and external factors. Therefore, it is important to examine and analyze the factors that can affect a child's psychological state and readiness. Many readings have moved away from typical themes in literary genres. One of the areas that has evolved is the topics in children's short stories. Because of this, the study aimed to compile some prominent contemporary children's short stories. A qualitative approach was used to analyze the identified works. The analysis of these works was based on Bem's gender schema theory (1981). Based on the study's results, there have been reforms in literature regarding gender issues, but stereotypes still prevail despite these reforms. Gender patterns were identified, such as women's roles being associated with household chores, men's responsibility being to provide for the family, portraying women as emotional and sensitive, and depicting teachers as female. Some gender stereotypes were also discovered, including dictating gender based on physical appearance, dictating gender based on behavior and expression, and dictating gender based on colors. Social issues that people continue to face, such as discrimination within households and schools and negative perceptions of same-sex couples, also emerged.

***Keywords:*** gender sensitivity, gender patterns, gender issues, gender schema theory, kuwentong pambata

© The Author(s) / Attribution-ShareAlike CC BY-SA

# Mula sa mundong maraming kulay: Dalumat sa mga usaping *gender* ng mga piling kuwentong pambata sa lente ng teoryang Gender Schema ni Sandra Bem

## 1. Introduksiyon

Ang pagbabasa ng mga kuwentong pambata o mga literaturang pambata ay bahagi nang kultura ng mga Pilipino. Ginagamit ang mga ito hindi lang sa mga paaralan bilang lunsaran ng isang aralin kundi pati na rin sa loob ng tahanan. Nagsisilbing salukan ito ng mga pagpapahalaga na maaaring makatulong at makaapekto sa katauhan ng isang bata. Ayon kay Gojo-Cruz (2007), ang panitikang pambata ay itinuturing na batis ng kaalaman o karunungan. Ginagamit ito ng mga nakatatanda sa pagtuturo ng mga mabubuting asal at wastong pag-uugali, kasabay ng pagbibigay-aliw sa mga bata. Kaakibat nito ang walang kamalay-malay na pagpapakilala sa mga bata ng mga esteryotipikong mga tema na nakaugat na sa lipunang Pilipino. Sa pagdaan ng panahon, nag-iiba rin ang takbo at mga paksang tinatalakay sa mga kuwentong pambata. Nagkakaroon na rin ng pagyakap sa mga paksang noo'y hindi katanggap-tanggap dahil sa usaping moralidad at relihiyon. Kamakailan, naging usap-usapan sa *social media* ang mga babasahing pambatang inilathala ng isang kompanya na may pagbuwag sa esteryotipikong mga paksa sa panitikang Pilipino.

Inilantad ang mga paksa na tumatalakay sa mga isyung panlipunan lalo na ang usaping *gender*. Ang mga tradisyonal na paglalarawan sa bawat kasarian kasama ng mga esteryotipikong paglalahad ng pagkakaiba ang siyang naipapasa sa iba't ibang kultura at panahon gamit ang literatura. Dahil dito, nagkaroon ng mga gawaing nauukol sa *gender equality* na naglayong tibagin ang *gender stereotyping* at palaganapin ang pagkakapantay-pantay ng iba't ibang kasarian. Isa na rito ang mga gawaing makapeminista, na hanggang sa kasalukuya'y ipinaglalaban pa rin ang mga karapatang pambabae sa patriyarkal na lipunan. Ayon kay Bem (1981) sa kaniyang *gender schema theory*, may malaking impluwensiya ang kulturang kinabibilangan ng mga bata sa pagkakaroon nila ng mga idea tungkol sa mga tradisyonal na papel na ginagampanan ng bawat kasarian. Habang nagkakaroon ng pagbabago sa mga ideolohiya ng lipunan ay nagkakaroon din ang panitikan. Sa kasalukuyan, nagkakaroon ng mga gawaing makapeminsita upang ang lahat ay magkaroon ng pantay- pantay na karapatang pantao anoman ang kanilang kasarian. Hindi lang dapat nakikita ang peminismo sa reporma sa lipunan kundi dapat ay pati na rin sa panitikan. Kailangang maipakita sa panitikan ang tungkol sa *gender sensitivity* upang malabanan ang macho-piyudal at patriyarkal na sistemang patuloy na umuusbong sa ating lipunan (Howe, 1976).

Upang maisagawa ang adbokasiya ng peminismo sa sistema ng lipunan, magandang maobserbahan ang *gender sensitivity* sa panitikang pambata sapagkat ayon sa teorya ni Piaget ukol sa *cognitive development*, nahuhubog ang kaisipan ng bata mula sa mga karanasan at kasangkapan tulad ng libro, wika, at kultura (Babakr et al., 2019). Halimbawa, sa pagsulong ng peminismo at *gender sensitivity*, matututuhan ng mga bata na maaaring makatulong sa lipunan sa anomang paraan, kahit na anoman ang kaniyang kasarian. Salungat sa *gender stereotyping* na nagpapakita na ang mga lalaki ang kayang tumulong sa mga babae dahil sa karaniwang paglalarawan na sila ay malakas. Bagama't mahalagang pag-aralan ang mga pambatang literatura dahil ito ay may malaking epekto hindi lamang sa sikolohikal na debelopment ng mga bata kundi pati na rin sa kanilang pagtanaw at pakikitungo sa iba't ibang kasarian, kadalasan itong nakakaligtaan at kaunti lamang ang mga nailimbag na pag-aaral ukol dito. Makikita sa pag-aaral na may kinalaman sa mga kuwentong pambata ay nakapokus lamang sa tekstuwal at kontekstuwal na lapit. Ang pag-aaral na ito ay mahalaga upang mabigyang pansin hindi lamang ang mga kontekstong nakapaloob sa mga napiling kuwentong pambata kundi pati na rin ang mga pangkalahatang temang pangkasarian na makikita sa mga teksto at upang mantindihan ang problemang kinahaharap ng mga taong may pakikibaka sa kanilang mga usaping pang-gender.

***Layunin*** - Ang pananaliksik na ito ay naglayong tipunin at suriin ang mga piling kuwentong pambata na tumutugon at tumutukoy sa mga usaping gender. Ispesipikong sinagot din ang sumusunod na layunin: matukoy at madalumat ang mga lumitaw na *gender patterns*, *gender stereotypes*, at mga isyung pangkasarian sa lipunan.

## 2. Metodolohiya

***Disenyo ng Pag-aaral*** - Ginamit ang lapit kuwalitatibo sa pananaliksik. Ang disenyong *content analysis* at *thematic analysis* ang ginamit sa pagsuri at pagkalap ng datos. Ayon kay Downe-Wamboldt (1992), ang *content analysis* ay isang sistematikong pagsusuri ng mga nilalaman ng materyal tulad ng mga libro upang matuklasan ang mga tema, *pattern*, at *bias* ng materyal. Ginamit naman ang *thematic analysis* upang makita ang mga litaw na tema sa mga akdang sinuri (Kiger & Varpio, 2020).

***Instrumento ng Pag-aaral*** - Isinagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagsususuri gamit ang *Gender Schema Theory* (Bem, 1984). Ginamit ang teoryang ito upang malaman ang *gender patterns, stereotypes,* at isyung panlipunang nakapaloob sa mga akda. Sa pagpili naman ng mga akda, ginamit ang *criterion sampling* (Rusell, 2003). Ito ay ang pagpili ng mga pagkukunan ng datos ayon sa mga tukoy na batayan. Ang ginamit na batayan sa pagpili ng mga akdang sinuri ay ang sumusunod: 1) sikat na kuwentong pambatang nailathala sa mga tanyag na kompanya; 2) madaling matagpuang kuwentong pambata; at 3) kuwentong nagwagi sa Carlos Palanca Awards sa ilalim ng kategoryang Maikling Kuwentong Pambata sa taong 2000-2019.

***Paraan ng pangangalap ng datos at Etikal na pamantayan*** - Siyam na kuwentong pambata ang nakalap at nasuri ng pananaliksik na ito. Ang mga napiling kontemporaryong akda ay ang mga sikat at madaling matagpuang mga kuwento, at ang mga ito ay nagmula sa mga kilalang kompanya ng paglalathala, o sa mga nagwagi ng Carlos Palanca Memorial Awards sa kategoryang Maikling Kuwentong Pambata mula 2000-2019. Ang nilalaman ng mga piling kuwentong pambata ang siyang ginamit sa pagsusuri. Para matukoy ang mga akdang ito, nagsaliksik at nagtanong-tanong ang mga mananaliksik sa mga *e-journal* at mga kilalang awtor ng mga kilalang maikling kuwentong pambata. Ang mga akdang ito ay nailimbag at naisapubliko ng mga kilalang kompanya at limbagan sa bansa. Makikita sa talahanayan 1 ang tala ng mga maikling kuwentong natukoy at nakalap.

**Talahanayan 1**

*Talaan ng mga Maikling Kuwentong Pambatang Sinuri*

| Pamagat | Manunulat |
|---|---|
| Ako ay may Titi | Genaro R. Gojo Cruz |
| Ambon ng Liwanag | Eugene Y. Evasco |
| Ang Bonggang Bonggang Beki | Randee Garlitos |
| Ang Ikaklit sa Aming Hardin | Bernadette V. Neri |
| Ang Lumang Aparador ni Lola | Genaro R. Gojo Cruz |
| Bukas na si Cajon | Jesh Alberto |
| Dalawa ang Daddy ni Billy | Michael P. de Guzman |
| Dumating na si Manang Elisa | Godfrey T. Dancel |
| Mahabang-mahabang-mahaba | Genaro R. Gojo Cruz |

Nang matukoy ang mga kuwento na naaayon sa pamantayan ay sinuri ang mga ito. Inalam ang mga *gender pattern, stereotype,* at tinukoy ang mga isyung panlipunan na may kinalaman sa kasarian na nakita at nadalumat sa mga akda gamit ang *Gender Schema Theory* (Bem, 1984). Ginamit ang *content analysis* (Downe-Wamboldt, 1992) at *thematic analysis* (Kiger & Varpio, 2020) upang makita ang mga litaw na tema mula sa mga akda. Ipinataya at ipinatasa ang mga nabuong tema gamit ang *critical friend technique*. Ang tumaya at tumasa sa mga temang nabuo ay dalawang guro ng Filipino ng Philippine Science High School-Ilocos Region Campus at napatanuyang ang mga ito ay katanggap-tanggap at maayos na naihanay at nabuo ayon sa kahingian ng mga layunin ng pag-aaral.

## 3. Resulta at Diskusyon

Sa masusing pagsusuri ng mga piling akda, natukoy ang sumusunod na mga makabuluhang idea at konsepto na bumuo sa mga temang bumuo sa resulta ng pag-aaral.

***Mga Gender Pattern.*** Sinuri ang iba't ibang klase ng kuwentong pambata na posibleng nagpapalakas o nagpapahina ng mga *gender pattern* gamit ang mga *gender role* na nakapaloob sa mga kuwento. Ayon kay Blackstone (2003), ang mga *gender role* ay nakabatay sa kung ano ang inaasahang kilos o pagkatao ng isang

indibiduwal batay sa kasarian at paniniwala ng iba, grupo, o lipunan. Makikita sa talahanayan 2 ang apat na *gender pattern* na natukoy at ilang mga siping patunay mula sa ilang mga akdang natukoy at nasuri para sa isinagawang pag-aaral.

**Talahanayan 2**

*Mga Gender Pattern mula sa mga sinuring akda*

| Mga Gender Pattern | Ilang Patunay na Sipi | Pamagat ng Kuwento |
|---|---|---|
| Trabaho ng babae ang mga gawaing bahay | *"Kapag naliligo ako, sinisiguro ni Nanay na ito'y malinis. Sabon-sabon. Hugas-hugas. Kuskos-kuskos. Tapos pupulbuhan pa niya ito"* | Ako ay may titi. |
| Tungkulin ng lalaki ang maghanapbuhay | *"Hinahawakan ko ito tuwing umiihi ako sa arinolang maliit na binili ni tatay"* | Ako ay may titi |
| Emosyonal at sensitibo ang mga babae | *"Napabuntong-hininga si Nanay Oroc. "Anak, tahan na, mahal ka namin," panimula ni Nanay Oroc. "Sa totoo lang, noon ko pa nararamdamang may mga bagay kang pinipili na iba sa pinipili ng karaniwang aparador, hindi lang ako naniniwala sa pakiramdam ko kasi hindi ka naman nagsasabi sa akin"* | Bukas na si Cajon |
| | *"(…) pero inalalayan ni Nanay ang aking kamay "Hayaan mo EJ, matututunan mo ring isulat nang maayos at mabilis ang iyong pangalan. Basta lagi ka lang magsasanay"* | Mahabang-mahabang-mahaba |
| Ang paglalarawan sa guro ay babae | *"Parang anak ang turing sa akin ni Ma'am. Minsan, natatawag niya akong "anak" at ito'y labis kong ikinagagalak"* | Ambon ng Liwanag |

Kapansin-pansin sa mga akdang sinuri na madalas pa rin ang paglalarawan sa mga babae bilang maalaga at siyang namamahala sa mga gawaing bahay. Patuloy pa rin nilang ginagampanan ang mga esteryotipikong mga gawain tulad ng pag-aalaga sa bata, pagluluto, at paglilinis ng bahay. Sa mga akdang *Ako ay may Titi*, *Mahabang-mahabang-mahaba*, *Ang Lumang Aparador ni Lola*, at *Bukas na si Cajon*, mapapansin na ang mga nanay ay laging nasa bahay nag-aasikaso sa mga anak at isinasagawa ang mga esteryotipikong gawain gaya ng paglilinis, pagluluto, at pag-aalaga ng mga bata. Sa akdang *Ako ay may Titi*, inilarawan ng bata kung paano siya inaalagaan ng kaniyang ina. Ito ay salungat sa ipinakitang paglalarawan niya sa kaniyang tatay na tanging ang responsibilidad nito ay mabilhan siya ng mga gamit at mga kailangan sa loob ng tahanan.

Bukod pa rito, nakitang ang mga babaeng tauhan ay inilalarawan pa ring emosyonal at sensitibo. Sa akdang *Bukas na si Cajon*, nagkaroon nang hindi pagkakaintindihan ang bida at ang kaniyang tatay. Mababakas na mas nakaiintindi at mas magiliw ang bida sa kaniyang ina kaysa sa kaniyang ama. May pagsusog din sa katangiang mapag-aruga ang mga babae sa akdang "Mahabang-mahabang-mahaba", kung saan inilahad rito ang pag-uusap ng mag-ina tungkol sa pagrereklamo ng bata tungkol sa mahaba niyang pangalan. Matiyaga niya ring sinagot ang napakaraming tanong ng kaniyang anak tungkol sa pinagmulan ng kaniyang pangalan.

Hanggang sa kasalukuyan ay matindi pa ring inuugnay ang pagiging guro sa kasariang babae ngunit sa katunaya'y propesyon ito ng kapwa kasarian. Sa mga akdang *Ambon ng Liwanag*, *Dalawa ang Daddy ni Billy*, at *Mahabang-mahabang-mahaba* naman na nagkaroon ng tagpuan sa paaralan, masusuri na ang lahat ng gurong tinuran ay mga babae. Ipinamalas ng mga guro ang pagiging maaruga sa mga mag-aaral nila.

Hindi pa rin nawawala ang pag-uugnay mga babae bilang maintindihin, at dapat gampanan nila ang mga tungkuling kailangang maging isang esteryotipikong babae sa lipunan (Sperandio, 2014). Ito ay napatunayan sa pagsusuri ng mga *gender pattern* na nakapaloob sa mga sinuring akda. Sa kabilang banda, malimit at di gaanong

pinagtuunan nang pansin ang paglalarawan sa mga lalaki. Ganito rin ang natuklasan sa pagsusuri nina Anderson at Hamilton (2005) ng mga piling pambatang *picture books*, na kung saa'y kulang ang representasyon ng mga tatay at kaunti lamang ang naging bahagi nila sa buong kuwento. Ang mga nakitang *gender patterns* ay siyang nagiging dahilan ng pagkakaroon ng *gender stereotypes* na maaring maitatak sa pag-iisip ng mga bata. Maaari itong makaapekto sa kanilang paglaki, lalo na sa mahahalagang bahagi ng kanilang debelopment na kung saan ay maaari nilang gayahin ang pagiging tahimik at di palakibong pag-uugali ng mga tatay, at iba pang esteryotipikong pagkakakilanlan ng isang lalaki sa lipunan. Bukod rito, maaari rin itong makaapekto sa pagtingin nila sa kanilang kapwa.

***Gender Stereotyping.*** Makikita sa talahanayan ang ilang mga esteryotipikong pang-*gender* na nakita mula sa mga akdang sinuri. Natukoy ang tatlong temang bumakas sa mga akdang nasuri. Makikita sa talahanayan 3 ang mga gender stereotype na nabuo at ilang mga siping patunay mula sa mga piling akda.

**Talahanayan 3**

*Mga nakitang Gender Stereotype ng mga sinuring akda*

| Gender Stereotype | Ilang Patunay na Sipi | Pamagat ng Kuwento |
|---|---|---|
| Pagdidikta ng gender batay sa pisikal na kaanyuan | *"Ang taong pumasok sa bahay nila ay maiksi ang buhok, kasing-iksi lang ng buhok kong hanggang tainga. Hanggang baywang ang buhok ni Manang Elisa."* | Dumating na si Manang Elisa |
| Pagdidikta ng gender batay sa galaw at ekspresyon | *"Masyadong malambot ang anak mo, Kuya Eliseo," laging sinasabi ni Tito Braulio, "parang hindi lalaki."* | Bonggang Batang Beki |
| | *"Kung ikaw ay lalagyanan para sa palda, blouse, at bestida, iyon lang dapat ang iyong laman, wala nang iba!"* | Bukas na si Cajon |
| Pagdidikta ng gender batay sa mga kulay | *May mga kaibigan din naman si Adel na tulad niya ay mahilig sa anumang bagay na pink. Tulad ng kapatid ko, sina Arnel, Menardo at Timothy ay mga lalaki rin na mahinhin at pinong kumilos.* | Ang Bonggang Bonggang Batang Beki |
| | *Si Cai-Cai ay asul na aparador, may suot na tiara, naka-estilo ang pilikmata, at may stickers sa katawan niya: mga puso, mga brilyante sa Pantasia, at costume ni Dalagarna. Si Dora ay lila na drawer at naka-sports headband, may nakadikit pa sa kanyang katawan na poster ng Bulas Pilipinas, at may sticker din ng Bayani Bro at Group Manila. Samantala ay gano'n pa rin si Tita Didi, mukhang dalaga at may disenyong sarimanok na nakaukit sa katawan nito.* | Bukas na si Cajon |

Sa kasaysayan, madalas na makita ang pag-e-esteryotipiko sa kasarian. Magandang halimbawa ang asosasyon ng pagiging emosyonal at pagtatrabaho sa bahay sa mga babae na sinasalungat ng pagiging agresibo, at naghahanap-buhay para sa mga lalaki. Nagkakaroon ng malaking epekto ang *gender stereotyping* na makikita sa akda sa mga batang mambabasa sapagkat sa kanilang pag-uunawa ay dapat sundan kung paano kumilos ang mga tao sa akda (Peterson & Lach, 1990).

***Pagdidikta ng gender batay sa pisikal na kaanyuan*** - Sa akdang *Dumating na si Manang Elisa*, makikita ang asosasyon ng mahabang buhok sa mga babae at maikling buhok sa mga lalaki. Nalito ang bida ng akda dahil lamang sa *gender stereotype* na inilarawan sa akda, ngunit naging malinaw na hindi dapat nakabatay sa hitsura ang pagkakakilanlan sa isang tao. Nakita rin ang sitwasyong ito sa naging pananaliksik ni Unlu (2021) kung saan ang pisikal na katangian ng isang tao ang unang tinataya at tinatasa sa unang pagkikita at pag-uusap at may pagkakaiba

ang pakikipag-ugnayan batay sa gender at kulturang kinabibilangan.

***Pagdidikta ng gender batay sa galaw at ekspresyon*** - Sa akdang *Ang Bonggang Bonggang Batang Beki*, makikita ang kulturang kailangang naayon ang galaw at ekspresyon ng isang tao batay sa kaniyang biyolohikal na pagkakakilanlan (babae o lalaki). Ganoon din ang makikita sa akdang *Bukas na si Cajon* at ito ay makikita sa pisikal na katayuan at pagkakakilanlan ng mga tauhang aparador. Bagaman mga bagay ang tauhan sa kuwento, masasabing representasyon at may kinalaman ito sa tao lalo na't layon ng akda na puksain ang mga isyu sa kasarian sa pamamagitan ng mga tauhang aparador.

***Pagdidikta ng gender batay sa mga kulay*** - Sa paglipas ng panahon, nagkaroon ng pag-uugnay sa mga kulay sa kasarian ng tao. Madalas naiuugnay na ang gusto ng mga lalaki ay ang kulay bughaw (*blue*) samantalang ang kalimbahin (*pink)* at lila ang gusto ng mga babae (Michael, 2018; Marzolf & Kirchner, 1973; Cherney, et al., 2006, Karniol, 2011). Malaking isyu ito sapagkat napipilitan ang isang tao na gustuhin ang kulay batay sa kasarian (Michael, 2018). Sa akdang *Bukas na si Cajon*, ginamit ng manunulat ang kulay upang ipakita na ang kanilang maaaring kasarian ngunit hindi akma sa kung paano nila inihahayag ang kani-kanilang mga sarili sa akda.

***Mga isyung pangkasarian sa lipunan*** - Ilan sa mga akdang sinuri ay nagtataglay ng mga isyung pangkasariang talamak pa rin hanggang ngayon tulad na lamang ng diskriminasyong natatanggap ng mga miyembro ng LGBTQ+ sa paaralan at sa tahanan, at pagkutsa sa mga *same sex* na magulang. Makikita sa talahanayan 4 ang mga temang nabuo mula sa pagsusuri.

**Talahanayan 4**

*Mga isyung pangkasarian sa lipunang nadalumat sa mga akda*

| Isyu | Ilang Patunay na Sipi | Pamagat ng Akda |
|---|---|---|
| Diskriminasyon sa Tahanan at Paaralan | *"Masyadong malambot ang anak mo, Kuya Eliseo," laging sinasabi ni Tito Braulio, "parang hindi lalaki."* | Ang Bonggang Bonggang Batang Beki |
| | *Sabi ni Tatay Oroc, "Didi, naguguluhan ako sa itsura ng mga anak mo, bakit mo sila pinabayaang maging… ganyan? Hindi ba sila kinukutsa sa eskuwelahan o ng mga kalaro nila? Kung ako ang tatay ng kambal, hindi ko hahayaang may makakita pang iba sa kanila!"* | Bukas na si Cajon |
| Negatibong persepsiyon sa mga same sex couple | *"Bakit dalawa ang nanay mo?"<br>"Di ba dapat isa lang ang nanay sa pamilya?"<br>"Wala ka bang tatay?"<br>Wala akong naisagot. Ang totoo ay noon lang ako napaisip kung bakit dalawang nanay ang aking mga magulang. Hindi ko rin alam kung bakit wala akong tatay. At lalong hindi ko alam kung kailangan ko pa bang magkaroon nito. Tinukso ako ng mga kaklase ko.<br>"Siguro tomboy ang mga nanay mo!"<br>"Baka kaya wala kang tatay!"<br>"E di putok ka lang sa buho!"* | Ang Ikaklit sa aming Hardin |
| | *"Lagi po kasi akong tinutuksong bakla ni Jay. Tapos po kanina, sinuntok at tinulak po niya ako sa playground. Lumaban po ako."<br>"Billy, alam mo ba kung ano ang bakla?"<br>"Hindi po, Daddy. Sabi po ni Jay, sabi po ng nanay niya bakla raw po kayong dalawa ni Papa kaya bakla din daw po ako. Ano po ang bakla?"* | Dalawa ang Daddy ni Billy |

***Diskriminasyon sa tahananan at paaralan*** - Kahit man ang Pilipinas ang nangungunang bansa pagdating sa

*gender equality* sa Asya at ika-16 sa buong mundo (Paris, 2019), nakikita pa rin ang iba't ibang mga abusong natatanggap ng mga kasapi sa LGBTQ+ sa paaralan at tahanan (Tang & Poudel, 2018; Human Rights Watch, 2017). Sinasalamin ng ilang librong pambata ang realidad na nangyayari sa lipunan. Makikita ang pakikibaka ng mga miyembro ng LGBTQ+ sa diskriminasyong kanilang natatanggap. Sa akdang *Ang Ikaklit sa Aming Hardin* at *Dalawa ang Daddy ni Billy*, makikita ang mga hamong kinahaharap ng mga batang may magulang na pareho ang kasarian. Ipinakita naman ng mga akdang *Ang Bonggang Bonggang Batang Beki* at *Bukas na si Cajon* na may mga negatibong pananaw ang ilang kasapi sa pamilya o kamag-anak sa mga bakla o mga batang hindi nagpapakita ng mga katangiang akma sa kasarian ayon sa natatag na *stereotypes*. Sa akdang "Bukas na si Cajon", naipakita ang *stigma* laban sa mga batang LGBTQ+. Makikitang mapangutsa ang tono sa mga siping nabanggit. Isa itong talamak na problema sa lipunan sapagkat hindi nabibigyan ng ligtas na espasyo ang mga batang kabilang sa LGBTQ+ na sabihin ang nararamdaman at ipakita ang tunay nilang pagkatao. Naipakita man sa mga akdang nabanggit ang laganap na diskriminasyon laban sa mga LGBTQ+, naipahayag naman sa dulo ng kuwento ang tugon sa isyung ito. Halimbawa na lamang ay sa mga akdang Ang *Ikaklit sa aming Hardin* at *Dalawa ang Daddy ni Billy* na naipakitang kayang magpalaki ng anak ang mga magulang na pareho ang kasarian. Sa akdang *Ang Bonggang Bonggang Batang Beki*, naipakita na matapang din ang mga bakla sapagkat mayroon silang tibay ng loob at tanggap nila ang kanilang sarili. Sa akdang *Bukas na si Cajon*, naipakita ang pagtanggap ng ilang kapamilya at kamag-anak nang ipangalandakan ang tunay na pagkatao ni Cajon.

***Negatibong persepsiyon sa mga same sex na magkasintahan* -** Maliban sa di-makataong trato sa mga *queer*, matindi rin ang diskriminasyon sa mga *same-sex couple*. Ilan sa mga argumento kung bakit hindi pa rin legal ang pagkasal sa mga *same-sex couple* ay dahil sa isyung pagpapadami, tila paglabag sa salita ng Diyos, at sa nakikitang negatibong epekto nila sa sikolohiya ng bata (Santos, 2014). Ngunit sa paglunsad ng mga kilusang nagbibigay ng pantay na karapatan sa mga indibiduwal na kasangkot dito, isinaalang-alang din ang ibang argumento na sumasalungat sa naunang pahayag. Tinalakay ng mga akdang *Ang Ikaklit sa aming Hardin* at *Dalawa ang Daddy ni Billy* ang isyu tungkol sa diskriminasyon sa mga *same-sex couple*. Sa panimula ng akda, makikita ang pagmamahalan sa pamilya, ngunit nagkaroon lamang ng problema nang nadako na ang kuwento sa paaralan bilang lunan. Hindi pa rin lubos na tinatanggap sa mga paaralan ang ganitong sitwasyon. Itinatangi pa rin nila na dapat ang lalaki ay para sa babae at hindi sa kapwa nito. Sa akdang *Dalawa ang Daddy ni Billy,* makikita ang panunukso dahil sa sitwasyon ng kaniyang pamilya na may dalawa siyang tatay. Direktang apektado ang mga bata sa mga sitwasyong ito. Nagiging tampulan ng tukso ang mga ganitong usapin na limit nagdudulot ng sikolohikal na pagkabahala sa sitwasyon ng isang bata. Sa bandang huli, ipinakita ng mga tauhan sa mga akda na kahit *same-sex couple* sila ay mahal na mahal nila ang kanilang mga anak.

***Implikasyon* -** Mahalaga ang pagsipat at pagsiyasat sa mga usaping pang-gender upang lalong mapalawig ang kaalaman at karunungan sa mga tao at patuloy na maintindihan ang kani-kanilang mga sitwasyong pinagdaraanan. Kailangang pag-usapan ang mga ganitong paksa lalong-lalo na sa loob ng klasrum upang maging gabay ng mga mag-aaral sa kanilang pang-araw-araw na pakikisalamuha sa mga taong nakararanas ng mga problemang may kinalaman sa katayuang pang-gender. Napapalawak din ng pag-aaral ang kamalayan ng iba pang mamamayan upang tanggapin ang nagbabagong ayos at anyo ng mundo at hindi lang ang nakagisnang patriarkal na lipunan na ang kalalakihan ang patuloy na nagdodomina. Sa mga paaralan, mahalagang tignan ang mga ganitong pag-aaral nang sa ganoon ay maintindihan ang danas ng mga mag-aaral at guro upang makabuo ng mga polisiya na tatakda at sasang-ayon sa kani-kanilang mga danas. Higit na magandang pag-usapan ang mga ganitong paksa sa kasalukuyan dahil talamak at nangyayari pa rin lalo na sa Pilipinas, palawigin pa ang mga pag-aaral na ganito upang lalo pang mapaunlad ang kamalayan ng mga tao sa mga usaping pang-gender.

## 4. Kongklusyon at Rekomendasyon

Batay sa mga resulta ng pag-aaral, makikitang may reporma sa panitikan tungkol sa mga usaping gender, ngunit sa kabila ng reporma ay may mga esteryotipikong usapin pa rin na nangibabaw. Natukoy ang mga *gender pattern* tulad ng: trabaho ng babae ang mga gawaing bahay; tungkulin ng lalaki ang maghanapbuhay; emosyonal at sensitibo ang mga babae; at ang paglalarawan sa guro ay babae. Natuklasan din ang ilang sa mga *gender stereotype*

tulad ng: pagdidikta ng gender batay sa pisikal na kaanyuan; pagdidikta ng gender batay sa galaw at ekspresyon; at pagdidikta ng gender batay sa mga kulay. Lumitaw rin ang mga isyung panlipunan na patuloy na kinahaharap ng mga taong naturan gayan ng diskriminasyon sa loob ng tahanan at paaralan at negatibong pagtingin sa mga magkasintahang same sex.

Mula sa kongklusyong nabuo, iminumungkahi ang sumusunod upang mapalawak ang kamalayan tungkol sa mga isyung pangkasarian at *gender sensitivity* sa panitikan: gamitin ang mga resulta ng naging pagusuri at pag-aaral sa pagtalakay ng mga ganitong usapin sa loob ng tahanan at paaralan para mapalawak ang perspektibo at kamalayan ng isang tao sa mga usaping pang-*gender*; ipabasa at ipagamit ang mga akdang may tampok sa mga isyung pang-*gender* para sa lubusang pang-unawa sa sitwasyong kinahaharap ng mga indibidwal na kasapi sa LGBTQ+; bumalangkas ng mga polisiya sa loob ng paaralan na tumutugon sa kahingian at pantayong pananaw ng mga mag-aaral na kabilang sa LGBTQ+; palawakin pa ang pag-aaral at pagsusuri sa mga ganitong uri ng akda.

## 5. Sanggunian


Aguila, C. J. (2017). Isang Salimsim sa Pagkabata: Pagsusuri, Pagtuklas, at Ebalwasyon sa mga Kuwentong Pambata na Nagwagi sa Gantimpalang Palanca sa Panitikan. *The Normal Lights, 11*(1), 177-197.

Alberto J. (2018). *Bukas na si Cajon* (G. Ramirez, Illus.). Center for Youth Advocacy and Networking (CYAN), Inc.

Anderson, D. A., & Hamilton, M. (2005). Gender Role Stereotyping of Parents in Children's Picture Books: The Invisible Father. *Sex Roles, 52*(3-4), 145–151. https://doi.org/10.1007/s11199-005-1290-8

Babakr, Z. H., Mohamedamin, P., & Kakamad, K. (2019). Piaget's Cognitive Developmental Theory: Critical Review. *Education Quarterly Reviews*, *2*(3). https://doi.org/10.31014/aior.1993.02.03.84

Bem, S. L. (1984). Androgyny and gender schema theory: A conceptual and empirical integration. In *Nebraska symposium on motivation*. University of Nebraska Press.

Blackstone, A. M. (2003). Gender roles and society. In J. R. Miller, R. M. Lerner, & L. B. Schiamberg (Eds.), *Human Ecology: An Encyclopedia of Children, Families, Communities, and Environments* (pp. 335-338). ABC-CLIO

Bressler, C. E. (1994). Literary criticism. *An Introduction to theory and practice*. Prentice Hall, Inc.

Contreras, A. (2020, September 12). X-ing and canceling the Filipino. *The Manila Times*.

Dancel G. T. (2018). *Dumating na si Manang Elisa* (G. Ramirez, Illus.). Center for Youth Advocacy and Networking (CYAN), Inc.

De Guzman, M. P. (2018). *Dalawa ang Daddy ni Billy.* (D. P. Tayona, Illus.). Tahanan Books for Young Readers.

Downe-Wamboldt, B. (1992). Content analysis: method, applications, and issues. *Health care for women international*, *13*(3), 313-321.

Garlitos, R. M. (2013). *Ang Bonggang Bonggang Batang Beki.* (T. Penaflorida, Illus.). LG&M Corporation.

Gojo Cruz, G. R. (2007). Kwentong Pangkasarian sa mga Kwentong Pambata. *MALAY, 19*(3), 11-18. https://ejournals.ph/article.php?id=7893

Gojo Cruz, G. R. (2017). *Ang Lumang Aparador ni Lola.* (J. M. Tejido, Illus.). Lampara Publishing House, Inc. (Original work published 2004)

Gojo Cruz, G. R. (2019). *Ako ay may Titi* (E. Parrocha, Illus.). Lampara Publishing House, Inc.

Gojo Cruz, G. R. (2020). *Mahabang-mahabang-mahaba.* (A. G. B. Madueno, Illus.). Adarna House, Inc. (Original work published 2010)

Howe, F. (1976). Feminism and the Study of Literature. *The Radical Teacher,* (3), 3-11. http://www.jstor.org/stable/20709043

Human Rights Watch. (2017). "Just Let Us Be": Discrimination Against LGBT Students in the Philippines. https://www.aidsdatahub.org/resource/just-let-us-be-discrimination-against-lgbt-students-philippines

Karniol, R. (2011). The color of children's gender stereotypes. Sex roles, 65(1-2), 119-132. https://doi.org/10.1007/s11199-011-9989-1

Kiger, M. E., & Varpio, L. (2020). Thematic analysis of qualitative data: AMEE Guide No. 131. *Medical*

*teacher*, *42*(8), 846-854. https://doi.org/10.1080/0142159X.2020.1755030

Michael, M. (2018, June 25). Sexism in Colors – Why is Pink for Girls and Blue for Boys? UMKC Women's Center. https://info.umkc.edu/womenc/2018/06/25/8369/

Neri, B. V. (2012). *Ang Ikaklit sa Aming Hardin*. (C. de Silva, Illus.). Publikasyong Twamkittens.

Paris, J. (2019, December 17). Philippines drops to No. 16 in Gender Gap Report 2020. Rappler. https://www.rappler.com/nation/philippines-rankings-gender-gap-report-2020

Peterson, S. B., & Lach, M. A. (1990). Gender stereotypes in children's books: Their prevalence and influence on cognitive and affective development. *Gender and education*, *2*(2), 185-197. https://doi.org/10.1080/0954025900020204

Russell, C. K. (2003). Evaluation of qualitative research studies. *Evidence-Based Nursing, 6*(2), 36–40. https://doi.org/10.1136/ebn.6.2.36

Santos, L. C. The Clash of State, Religion, and Family: Examining the Possibility of Same-sex marriage in the Philippines. *Political Science*, *2014*, 53801.

Sperandio, J. (2014). A question of role and respect: The status of female teachers in societies in Change. In *Inequalities in the Teaching Profession* (pp. 50-66). Palgrave Macmillan, London. https://doi.org/10.1057/9781137328601_3

Tang, X., & Poudel, A.N. (2018). Exploring challenges and problems faced by LGBT students in Philippines: A qualitative study. *J Public Health Policy Plann. 2018*; *2*(3), 9-17.

Taylor, F. (2003). Content Analysis and Gender Stereotypes in Children's Books. *Teaching Sociology*, *31*(3), 300. https://doi.org/10.2307/3211327

Unlu, D. (2021). Determining gender stereotype based on physical appearance expectations in Interpersonal Communication Process: An intercultural comparison between Turkey and Portugal. *Online Journal of Communication and Media Technologies*, *11*(1). https://doi.org/10.30935/ojcmt/9576